FAKT Consult for Management, Training and Technologies

Executive Summary

IKI Mid-Term Evaluation of the project

Living Lakes Biodiversity and Climate Project

Project number: 22_IV_109_Global_A_Living Lakes

08 October 2025

Consultant(s):
Dr. Ulrike Hotopp
Dr. Tillmann Konrad
Dr. Jerome Montemayor

FAKT GmbH
Hackländerstraße 33
70184 Stuttgart Germany
uhotopp@liveeconomicsltd.com

Contractor:
Zukunft – Umwelt – Gesellschaft (ZUG) gGmbH

Executive Summary

Project background

Ang **Living Lakes Biodiversity and Climate Project (LLBCP)** (22_IV_109_Global_A_Living Lakes) ay nagtataguyod ng mga nature-based at integrated approaches sa konserbasyon ng wetland at katatagan sa klima sa Africa, Latin America at Asia. Pinagsasama nito ang pagpapanumbalik at proteksyon ng samu't-saring buhay sa pagtataguyod ng sustainable livelihoods at nakikipag-ugnayan sa tatlong pangunahing grupo ng stakeholder upang gawing mas matatag ang mga benepisyaryo sa pagbabago ng klima. Ang mga target na grupo na kasama sa pagsusuri ay ang mga Implementing Partners (IPs) bilang mga benepisyaryo ng kaalaman at mga gawaing pagpapaunlad ng kapasidad; mga tagapamahala ng lawa, kabilang ang mga kabataang tagapamahala ng lawa at mga partners pampulitika. Ang mga apektadong populasyon ay ang mga komunidad at mga pangunahing benepisyaryo (mga indibidwal na mangingisda, magsasaka, maliliit na mga negosyo, at kabilang rin ang mga kababaihan).

Ang Theory of Change (ToC) ng proyekto ay sumusunod sa isang holistic na pamamaraan na isinasagawa sa maraming antas ng espasyo at tematika. Iniuugnay nito ang lokal na aksyon – sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kapasidad na community-based at praktikal na pagpapatupad ng Frontrunner Initiatives (FI) – sa pambansa at pandaigdigang pakikipag-ugnayan, kabilang ang pagpapabuti ng mga balangkas ng patakaran at internasyonal na pagpapalitan ng kaalaman.

Ang pangunahing resulta na nais makamit ng LLBCP ay: "Successful practices and strategies for sustainable wetland management are implemented, documented and mainstreamed by local communities and organisations in ten project countries and beyond." (Ang mga matagumpay na kasanayan at estratehiya para sa likas-kayang pangangalaga ng wetland ay ipinapatupad, idinodokumento, at isinasama sa mainstream ng mga lokal na komunidad at organisasyon sa sampung bansang may proyekto at sa iba pang lugar.)

Ang LLBCP ay pinangangasiwaan ng Global Nature Fund (GNF, Germany) at ipinapatupad sa pakikipagtulungan ng dalawang Consortium Partners (CPs), ang Lake Constance Foundation (LCF, Germany) at Fundación Global Nature (FGN, Spain) pati na rin ng 11 IPs sa sampung bansa sa Africa, Asia, at Latin America. Ang opisyal na implementasyon ay nagsimula noong ika-15 ng Agosto 2022 at tatagal ng limang taon.

Evaluation background

Background: Ang FAKT Consult ay kinomisyon ng Zukunft – Umwelt – Gesellschaft gGmbH (ZUG) upang isagawa ang mid-term evaluation (MTE) ng proyekto, na isinagawa sa pagitan ng Enero at Setyembre 2025.

Layunin: Ang pangunahing layunin ng MTE ay upang maitaguyod ang pagkatuto, mapahusay ang accountability, at mapabuti ang pagsasagawa ng desisyon sa mga stakeholder. Ang mga resulta nito ay nagbibigay-daan upang maisagawa ang mga pagsasaayos habang may oras pa upang mapabuti ang pagsasagawa ng proyekto. Para sa mga organisasyong nagpapatupad ng proyekto, ang mga MTE ay nagbibigay ng pagkakataong pagnilayan ang mga estratehiya at output ng proyekto, habang para sa mga ministeryong nagkomisyon at ZUG, sinusuri nila kung ang proyekto ay nasa tamang direksyon at kung ito na nipapatupad ayon sa disenyo. Ginagamit ang mga resulta para sa pamamahala ng kaalaman, pagpapaunlad ng programa, at pangangasiwa sa politika.

Disenyo: Ang mga pamantayan sa pagsusuri ay batay sa pamantayan ng Organisation of Economic Cooperation and Development (OECD) Development Assistance Committee (DAC) (Relevance, Planning, Steering and Coherence, Effectiveness and Transformative Change and Sustainability). Bukod pa rito, isinasaalang-alang ng pagsusuri ang mga pamantayan ng Social & Environmental Safeguards pati na rin ang mga pamantayang tagapagpahiwatig ng IKI at dalawang tanong sa pagkatuto ("Itinataguyod ba ng proyekto ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa mga aktibidad sa pamamahala ng wetland?" at "Itinataguyod ba ng proyekto ang pakikilahok ng kabataan sa mga aktibidad sa pamamahala ng wetland?").

Sakop ng MTE ang buong LLBCP. Gayunpaman, upang mapahusay ang kakayahang suriin at matiyak ang isang masusing pagsusuri, napagkasunduan sa simula pa lamang ng ZUG, GNF at ng naatasang Ministri ng Alemanya na ang MTE na ito ay magtutuon ng atensiyon sa mga aktibidad sa Cambodia, Pilipinas, at Rwanda, pati na rin sa mga pangkalahatang elemento ng proyekto.

Ang pagsusuri ay sumusunod sa isang pamamaraang nakabatay sa teorya at mixed-method approach, na pinagsasama ang mga elementong qualitative at quantitative.

Gamit ang mga nararapat na mga kasangkapan at pamamaraan, ang mga elemento ng isang pagsusuri ng kontribusyon ay itinuturing na pinakaangkop na pamamaraan upang matiyak na mapagkakatiwalaan at matatag ang mga resulta, na nakasentro sa ToC ng proyekto bilang analitikal na gulugod. Kasama sa mga pamamaraan ng pangangalap ng datos ang pagsusuri ng dokumento, mga online na survey sa mga pangkat ng proyekto ng lahat ng mga IP at iba't ibang grupo ng mga benepisyaryo, pati na rin ang mga workshop, panayam, at mga talakayan ng focus group, maaaring virtual o on-site sa panahon ng mga pagbisita sa field (Cambodia, Pilipinas, at Rwanda) at kasama rin ang malawak na hanay ng iba't iba pang stakeholder sa lahat ng antas. Ang mga datos na ito ay pinalakas at sinuportahan ng mga non-participatory observation sa mga pagbisita sa mga lugar ng proyekto.

Mga resulta ng pagsusuri (Evaluation results)

Relevance: Ang LLBCP ay nagpapakita ng mataas na kaugnayan (high relevance) sa pagtugon sa mga pandaigdigang hamong pangkalikasan at sa mga partikular na pangangailangan ng mga kasaping bansa at komunidad ng proyekto. Ito ay mahusay at naaayon sa mga pangunahing balangkas ng patakaran, kabilang ang estratehiya sa kapaligiran ng Alemanya, ang EU Biodiversity Strategy 2030, at mga kaugnay na pambansang estratehiya sa pag-unlad at kapaligiran sa sampung mga kasaping bansa. Ang matibay na kooperasyon ng mga awtoridad sa lokal at pambansang antas ay naging isang mahalagang salik ng tagumpay, kasama ang mga pag-aaral ng karanasan mula sa Cambodia, Rwanda, at Pilipinas na nagpapakita ng epektibong kolaborasyon at pakikipag-ugnayan sa politika. Sa ilang mga bansa, maaaring may mga kakulangan sa istruktura sa pagtukoy at pagkakakilala ng mga stakeholder na may kaugnayan sa pribadong sektor at mga institusyong pang-agham.

Tinutugunan ng proyekto ang pangunahing isyu ng pagbilis ng pagkasira ng wetland, bagama't nananatiling isang hamon ang pangmalawakang epekto sa pandaigdigang antas. Gayunpaman, ang LLBCP ay nagbibigay ng makabuluhang kontribusyon sa lokal at pambansang antas, kung saan nagtatagpo ang pagkasira ng kapaligiran, pagkawala ng biodiversity, at kahinaang sosyo-ekonomiko. Ang isang mahalagang kalakasan ay nakasalalay sa pag-uugnay ng mga layunin sa konserbasyon sa sustainable livelihood, tulad ng pagtataguyod ng ecotourism, agrikulturang matatag sa klima (climate-resilient agriculture), at pagpapaunlad ng kapasidad para sa mga lokal na aktor.

Ang mga direkta at hindi direktang target na grupo – kabilang ang mga tagapamahala ng lawa, mga lokal na komunidad at mga IP – ay nakikinabang mula sa naaayong disenyo ng mga pagpapaunlad ng kapasidad, pagbabahagi ng kaalaman at isang inklusibong disenyo ng proyekto.

Ang proyekto ay tumutugon sa mga lokal na pangangailangan, na may mga nakitang katibayan ng matagumpay na pakikilahok ng komunidad at paglutas ng mga alitan. Bukod pa rito, sinusuportahan

ng LLBCP ang pakikilahok ng mga kabataan at propesyonal na pag-unlad sa pamamagitan ng Living Lakes Academy (LLA) at iba pang mga anyo ng pagsasanay.

Sa pandaigdigang antas, ang proyekto ay naaayon sa mga pangunahing balangkas, kabilang ang Paris Agreement, ang Ramsar Convention at ang CBD. Bagama't nakakatulong ang LLBCP sa ilang SDG, ang lawak ng pagkakahanay nito sa SDG ay maaaring labis na mapalawak sa ilang konteksto ng bansa.

Planning, steering & coherence: Ang pagpaplano, pagpipiloto, at pagkakaugnay-ugnay ng LLBCP ay pangkalahatang positibong nasuri: ang proyekto ay nagpapakita ng matibay na konseptwal na pundasyon, isang kooperatibong proseso ng pagpaplano, at gumaganang mga mekanismo ng koordinasyon. Kasabay nito, may puwang pa para sa pagpapabuti pagdating sa mga panukat ng tagumpay ng proyekto, estratehikong paggagabay, at koordinasyong panrehiyon.

Naging kabahagi ang ang lahat ng mga IPs sa pagpaplano ng proyekto. Ang disenyo ay pangunahing batay sa mga umiiral na pakikipagtulungan ng mga aktor at iniayon sa mga partikular na pangangailangan ng mga kalahok na rehiyon ng lawa. Ang pagpaplano ay inilarawan bilang madaling ibagay at partikular sa bawat bansa, ngunit may ilang hindi malinaw na aspeto na nabanggit sa ilang mga bahagi ng proyekto at terminolohiya—tulad ng kahulugan ng "Tagapamahala ng Lawa" kumpara sa "Batang Tagapamahala ng Lawa".

Sa usapin ng content, ang proyekto ay sumusunod sa isang holistikong pamamaraan at kinabibilangan ng iba't ibang magkakaugnay na bahagi ng proyekto sa lokal, rehiyonal, at pandaigdigang antas. Gayunpaman, ang konsepto ng Frontrunner Initiatives (FIs) at ang pagkopya o paggaya sa mga ito ng mga kabahaging mga organisasyon ay nagpapakita ng mga hamon sa operasyon. Ang kasalukuyang one-to-one na modelo para sa mga Replication Projects (RP) ay administratibong mahirap at limitado ang bisa. Ang isang mas flexible na pamamaraan, na may mas kaunti ngunit mas malakas na sukat ng pagpapalaganap ng mga RP, ay maaaring magpataas ng epekto at magamit ang mga mapagkukunan nang mas episyente. Ang pagtatatag ng mga rehiyonal na subnetwork at ang paglikha ng isang pandaigdigang pool ng mga eksperto ay hindi pa nakakamit ang ninanais na mga resulta.

Magkakaugnay ang results chain ng proyekto, ngunit natukoy ng isang workshop ng ToC ang mga agwat sa pagitan ng mga aktibidad at mga output, lalo na ang kakulangan ng mga tinukoy na intermediate na mga layunin. Ang mga tagapagpahiwatig ng output at outcome ay bahagyang angkop lamang, dahil marami sa kanila ang hindi SMART (specific, measurable, achievable, realistic, time-bound). Pinapahirap nito ang pare-parehong pagsukat ng progreso ng proyekto, lalo na sa pambansang antas. Ang sanhi at bunga ng mga aktibidad sa pagsasanay at ang aktwal na pagtatamo o paggamit ng mga kakayahan (skills) ay nananatiling hindi malinaw.

Ang nakatakdang panahon para patakbuhin ang proyekto ay tila masyadong maikli upang makamit ang mga layunin sa iba't ibang bansa. Bagama't ang ilang mga bansa (hal. Rwanda) ay nasa yugto na ng paglilipat (handover phase), may mga pagkaantala sa ibang lugar. Sa Cambodia at Pilipinas, ang mahahalagang bahagi ay nanganganib na hindi makumpleto sa panahon na kailangan upang magamit sa mga proseso ng pagkopya/paggaya sa ibang lugar o mga siklo ng pagkatuto.

Ang pagpapatakbo ay pinamumunuan ng GNF, na sinusuportahan ng LCF at FGN. Ang mga haligi ng koordinasyon ay binubuo ng regular na pag-uulat, mga nakabalangkas na kagamitan sa pagsubaybay, at mga pagpupulong sa pamamahala ng proyekto kada dalawang. Ginagampanan ng GNF ang tungkulin nito bilang tagapag-ugnay at tagatiyak ng kalidad at madali rin itong ma-access ng mga IPs. Gayunpaman, ang pagpipiloto ay mas reaktibo at nakatuon sa proseso, na may limitadong ebidensya ng estratehikong gabay at kolaborasyong Timog-Timog.

Pagdating sa mga bansa, ang mga istrukturang pang-pamamahala ay karaniwang gumagana. Maraming mga IPs ang nagpapakita ng kakayahan sa pagpapatupad at kadalasang ginagamit ang mga umiiral na network at pinapalakas ang mga ito sa pamamagitan ng mga pormal na kasunduan sa kooperasyon. Sa Cambodia, Rwanda at Pilipinas, naipakita na ang matibay na istrukturang

kinabibilangan ng mga ahensya ng gobyerno, mga non-governmental organization (NGO) at mga lokal na aktor. Sa pandaigdigang antas, ang GNF, LCF at FGN ay nagsisilbing mga sentro para sa parehong administratibo at teknikal na mga bagay. Umuusbong ang kooperasyong peer-to-peer sa pagitan ng mga IP ngunit maaaring higit pang palakasin.

Ang mga sinerhiya sa iba pang mga inisyatibo ay makikita sa parehong pambansa at pandaigdigang antas. Sa ilang mga bansa, sadyang sinamantala ang mga pagsasanib sa mga estratehiya ng gobyerno o iba pang mga proyekto sa pag-unlad—halimbawa, sa Malawi, India at Cambodia. Ang koneksyon sa umiiral na Living Lakes Network (LLN) ay sinasadyang ginagamit, kahit na kung minsan ay lumalabo ang hangganan sa pagitan ng LLN at LLBCP. Gayunpaman, nagdudulot din ito ng mga advantages tulad ng mas malawak na pagpapalaganap ng kaalaman at mas malawak na pagpapakita ng mga matagumpay na pamamaraan.

Effectiveness: Ang ToC ng LLBCP ay nananatiling angkop at nagbibigay ng lohikal at nakatuon sa layunin na balangkas na nag-uugnay sa magkakaibang bahagi ng proyekto tungo sa mga resulta ng sustainable management pamamahala ng wetland. Gayunpaman, hindi naisinasama sa ToC ang ilang mga elemento—tulad ng papel na ginagampanan ng mga kontribusyon ng komunidad, suporta sa kabuhayan, at mga pamamaraan ng komunikasyon—na mahalaga sa pag-unawa kung paano isinasalin ang mga lokal na aksyon sa mas malawak na mga layunin ng proyekto.

Ang mga panganib sa antas ng bansa (hal. mga isyu ng basura sa Cambodia, mga epekto ng pagbabago ng klima sa Pilipinas) ay maaaring makaapekto sa paghahatid at hamunin ang ipinapalagay na mga sanhi at bunga (causal chains). Sa kabaligtaran, ang case study sa Rwanda ay nagpapakita ng matibay na integrasyon ng konserbasyon at kaunlaran, bagama't ang ilang interbensyon (hal. pagsasanay sa kabataan) ay kulang sa follow-up upang matiyak ang mga resulta.

Ang mga panggitnang (intermediate) resulta ay nagpapakita ng magkahalong antas ng pag-usad ng proyekto. Bagama't itinatag ang Living Lakes Academy (LLA) upang bigyang-daan ang mga batang tagapamahala ng lawa na mapataas ang kanilang kapasidad, naantala ang iba pang mahahalagang bahagi tulad ng internasyonal na plataporma ng palitan ng kapasidad. Gayunpaman, ang mga IPs ang nakapaghatid ng karamihan sa mga aktibidad, at nakikita ang mga maagang benepisyo sa ekolohiya at kabuhayan (hal. pagtaas ng stock ng isda sa Cambodia, pinabuting kalidad ng tubig sa Pilipinas, at pagkontrol sa erosyon sa Rwanda).

Tungkol sa mga output, ipinahihiwatig ng mga indicator na malamang na makakamit ang Output 1 at 4, habang ang iba ay nahuhuli. Ang ilang kakulangan sa performance ay dahil sa mga pagkaantala sa oras o mga hindi malinaw na indicator, lalo na sa Output III (Alumni Network) at V (pagpapalitan ng kaalaman). Gayunpaman, ang isang survey sa mga benepisyaryo, na isinagawa bilang bahagi ng MTE, ay nagpapakita ng malinaw na tagumpay at kinukumpirma na ang pagsasanay ay nakapagpataas ng kaalaman (89%) at humantong sa aktibong pagbabahagi ng kaalaman sa mga komunidad. Gayundin, ang mga pag-aaral ng halimbawa ng proyekto sa piling mga bansa ay nagbibigay ng ebidensya ng mga makabuluhang kaakibat na benepisyong ekolohikal at sosyo-ekonomiko.

Patungkol naman sa resulta, malamang na magkaroon ng tagumpay sa loob ng mga bansang kung saan isinasagawa ang proyekto. Bukod sa kanila, limitado ang ebidensya. Ang mga outcome indicators ay nagpapakita ng hindi pantay na pag-unlad—maaaring natutugunan ang indicator O1 (adoption ng mga lokal na pamahalaan), ngunit ang O2 (mga batang tagapamahala ng lawa na sumusuporta sa implementasyon) at O3 (pagpapatupad ng mga organisasyon sa pamamahala ng lawa) ay may problema dahil sa hindi malinaw na mga kahulugan at mahirap na beripikasyon.

Ang mga aktibidad at output sa pangkalahatan ay malamang na nakakatulong sa nilalayong resulta. Ang pagsasama ng mga hakbang sa konserbasyon at pag-unlad, matibay na lokal na pakikipag-ugnayan, at kooperasyon sa mga awtoridad ay bumubuo ng isang kapani-paniwalang daan sa tagumpay. Gayunpaman, ang ilang mga bahagi (hal. citizen science, pagbibigay-kapangyarihan sa

kabataan) ay nananatiling hindi sapat ang paggamit. Karaniwang pinahahalagahan ng mga IPs ang pandaigdigang istruktura para sa pagkatuto at kakayahang makilala, bagama't ang mga pasanin sa administrasyon (hal. pag-uulat) ay nakakabawas sa kahusayan ng istruktura ng consortium.

Transformational Impact and Sustainability: Ang LLBCP ay nakapaghatid na ng masusukat na mga resulta na may kaugnayan sa ekolohiya at biodiversity sa mga kasaping bansa, tulad ng pagtaas ng stock ng isda sa Cambodia, nakikitang pagbaba ng erosyon sa Rwanda at pinabuting kalidad ng tubig sa Pilipinas. Ang mga katulad na tagumpay ay naiulat sa ibang lugar, na sa ilang mga pagkakataon ay lumampas sa mga inaasahan. Bagama't nananatili ang mga panlabas na panganib para sa pangmatagalang tagumpay, ang pagkilala ng mga benepisyaryo sa mga pagpapabuti sa kabuhayan ay nagpapataas ng posibilidad na mapanatili ang mga tagumpay na ito.

Ang mga proyekto ay nakapagbigay rin ng mahahalagang panlipunan at pang-ekonomiyang mga benepisyo. Kabilang sa mga halimbawa ang mas produktibo at sustainable na pagsasaka sa Colombia at Mexico, nabawasang gastos sa input sa Malawi at solar lighting sa Sri Lanka. Sa Rwanda at Pilipinas, ang mga aktibidad ay nakapagpabuti ng nutrisyon, nakapagbawas ng alitan, at nakapagpalakas ng pagkakaisang panlipunan sa pamamagitan ng mga bagong community-based institutions. Ang mga positibong hindi inaasahang epekto, tulad ng pagpapanatili ng lupa at mga oportunidad sa eco-turismo, ay lalong nagbibigay-diin sa idinagdag na halaga ng proyekto. Walang na-obserbahang malalaking negatibong epekto, bagama't mayroong mga panganib (halimbawa, patungkol sa pagbabayad ng micro-finance).

Ang mga pagbabagong transpormatibo ay kitang-kita sa lokal at pambansang antas. Ang mga project teams ay nakikipagtulungan o nagtatatag ng mga institusyon na nagbibigay-daan sa sistematikong pagbabago, na sinusuportahan ng mga inklusibong pamamaraan, political ownership, naka-target na pagpapaunlad ng kapasidad, at makabagong pamamahala ng wetland. Sa Pilipinas, halimbawa, ang pagsusulong ng bagong batas tungkol sa wetland ay nagpapakita ng potensyal para sa pangmatagalang pagbabago sa istruktura. Gayunpaman, habang naaayon sa mga pandaigdigang balangkas tulad ng Paris Agreement at CBD, nililimitahan ng saklaw ng LLBCP ang kapasidad nito na magtulak ng transpormasyon sa pandaigdigang antas.

Ang disenyo ng proyekto na multi-layered ay sumusuporta sa pagbabago mula sa panandaliang resulta patungo sa sistematikong resulta, na pinagsasama ang pagpapanumbalik ng ekolohiya sa edukasyon, pagpapalitan ng kaalaman, mga reporma sa pamamahala, at mga mekanismo sa pananalapi. Kabilang sa mga halimbawa ang mga micro-credit, pagbabahagi ng kita sa eco-turismo, at mga lokal na ordinansa na nagpopondo sa konserbasyon. Ang pagpapanatili ng mga resultang ito sa lagpas sa project cycle ay nakasalalay sa patuloy na panlabas na suporta, dahil maraming institusyon ang kulang sa mga mapagkukunan upang maisulong ang mga ito nang hindi nakasalalay sa iba.

Social and Environmental Safeguards: Ang LLBCP ay kinikilala bilang Category C sa ilalim ng safeguard system ng IKI, na nagpapahiwatig ng mababang antas ng panganib. Gayunpaman, ang pagsusuri ay walang nakitang ebidensya ng country-specific safeguards risk matrix, na tila hindi kapani-paniwala dahil sa panlipunan at ekolohikal na kalagayan ng programa. Bukod dito, napakababa ng kamalayan ng mga benepisyaryo tungkol sa grievance mechanism ng IKI at walang nakikitang sanggunian o alternatibong mga daluyan ng reklamo ang umiiral. Kung online tool lamang ang maaaring gamitin, malamang na hindi magiging epektibo; kakailanganin ang lokal na komunikasyon na inangkop upang gawing makabuluhan ang mga pananggalang sa praktika.

Hindi masuri ang posibilidad ng risk categorisation dahil sa kakulangan ng dokumentasyon. Gayunpaman, itinatampok ng pagsusuri na dapat sana ay pormal na isinaalang-alang ang ilang panganib sa panukala ng proyekto sa ilalim ng IFC Performance Standards, partikular na tungkol sa

kalusugan, kaligtasan, at seguridad ng komunidad (PS4) at mga pagbabago sa paggamit ng lupa na may potensyal na epekto sa mga benepisyaryo (PS5).

Walang naobserbahang makabuluhang negatibong epekto sa mga tao o sa kapaligiran, ngunit may ilang mga panganib na lumitaw. Sa Cambodia, ang mga aktibidad ng pagpapatrolya sa pakikipagtulungan ng pulisya ay naglalantad sa mga miyembro ng komunidad sa mga potensyal na panganib kapag nakaharap ang mga ilegal na mangingisda, at ang lumalaking stock ng isda ay umaakit ng migrasyon, na naglalagay ng presyon sa mga mapagkukunan. Sa Pilipinas, ang pagtaas ng espekulasyon ng lupa sa paligid ng Paligui Wetlands ay nagdudulot ng mga posibleng panganib, bagama't ang mga benepisyaryo ay kasalukuyang tumatanggi sa pagbebenta ng kanilang lupain. Sa Rwanda, ang mga unang tensyon sa pag-terrace ay lumikha ng mga hamon, bagama't ang mga ito ay nalutas sa pamamagitan ng konsultasyon at pangangasiwa. Bagama't ang mga IP sa Rwanda at iba pang mga IP ay naglalapat ng matataas na panloob na pamantayan, ang mga kasanayang ito ay hindi nakalatag sa isang pormal na sistema ng pamamahala ng peligro na nakahanay sa IKI safeguards.

Learning Questions: Ang LLBCP ay nagpapakita ng malalim na kamalayan sa pagkakapantay-pantay ng kasarian at pakikilahok ng kabataan, bagama't ang implementasyon ay nag-iiba-iba sa iba't ibang bansa. Sa Rwanda, ang gender ay itinuturing na isang isyung sumasaklaw sa lahat ng aspeto, na may balanseng pakikilahok sa mga lokal na organisasyon ng komunidad, na nagbibigay daan sa pagbibigay-kapangyarihan sa kababaihan, awtonomiya sa pananalapi, at mga tungkulin sa pamumuno. Sa Cambodia, malaki ang naiaambag ng mga kababaihan sa pagpapatupad ng proyekto ngunit nananatiling kulang sa representasyon sa mga istruktura ng paggawa ng desisyon at kadalasang tahimik sa mga pagpupulong. Sa Pilipinas, aktibong nakikilahok ang mga kababaihan sa pagsasanay, pagpapaunlad ng kapasidad, at pamumuno sa loob ng mga institusyong kabahagi ng proyekto.

Ang pakikilahok ng mga kabataan ay pangunahing itinataguyod sa pamamagitan ng LLA, Sustainable Future Trainings at mga traineeship, na nagbibigay ng mga kasanayan at sertipikasyon sa pamamahala ng lawa. Bagama't 35 kalahok sa kasalukuyan ang nakinabang na sa LLA, nananatiling mahirap ang recruitment para sa mga traineeship, at ang mga lokal na batang tagapamahala ng lawa ay nananawagan para sa mas patuloy na suporta halimbawa sa Rwanda. Higit pa sa mga istrukturang ito, hindi pantay ang pakikilahok ng mga kabataan, kung saan iilan lamang sa mga IPs ang nag-uulat ng mas malawak na mga aktibidad. May mga positibong halimbawa, tulad ng mga inisyatibo na nakatuon sa kabataan sa Mexico o Sri Lanka.

Mga Mungkahi (Recommendations)

Cross-cutting recommendations:

- Suriin ang mga indicators and monitoring: hangga't maaari, magdagdag ng higit na SMARTness sa mga tagapagpahiwatig at gayundin ng isang patong ng mga tagapagpahiwatig na sumasalamin sa antas ng "Intermediate Output" sa pinag-ibayong ToC upang maipakita ang paghahatid sa mga kasaping bansa ng proyekto.
- Repasuhin muli ang ToC upang maisama ang mga nawawalang hakbang, partikular na ang papel ng mga komunidad sa pagpapatupad ng proyekto at ang papel na ginagampanan ng paglikha ng kabuhayan bilang isang intermediate output.
- Palakasin ang mga rehiyonal na network kung saan ito ay maaaring makakatulong upang mapataas ang palitan ng kaalaman. Isaalang-alang ang pagtatatag ng mga thematic network kung ito ay nais ng mga IPs.
- Hikayatin ang interaksyon sa pagitan ng mga IPs kung saan ang mga network ay kasalukuyang mahina sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga dahilan (gamit ang pagsusuri ng network bilang

panimulang punto) at sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga potensyal na benepisyo ng mga palitan ng network kasama ang iba pang mga partners. **Ang lahat ng mga IP ay dapat:**

- muling balikan at suriin ang mga mapa ng stakeholder sa antas ng bansa at tukuyin kung ang mga institusyong akademiko at pribadong sektor (na kinilala bilang mga kakulangan sa mga pakikipag-ugnayan sa stakeholder ng mga IPs) ay sapat na naisama;
- magdisenyo at magkasundo sa mga aktibidad upang matiyak na ang mga sinanay na batang tagapamahala ng lawa ay may mga pagkakataon upang makapag-ambag sa Resulta, halimbawa sa pamamagitan ng pag-aalok ng pangmatagalang paggabay. Ang rekomendasyong ito ay kailangang ipatupad ng bawat IP na may input mula sa isa sa mga CPs halimbawa sa pamamagitan ng pagpapadaloy ng isang brainstorming o workshop.

Mga mungkahi sa mga focus countries ng MTE:

- Para sa Cambodia: (1) Paigtingin ang pagsasama ng mga kababaihan sa mga proseso ng paggawa ng desisyon sa lokal na antas at (2) maghanda ng mga plano ng aksyon sa antas ng proyekto upang harapin ang mga panlabas na panganib upang matiyak ang pagkamit ng mga positibong resulta.
- Para sa Pilipinas: (1) Higit pang palakasin ang pakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan sa mga partikular na rehiyon ng proyekto at (2) pagbutihin ang siyentipikong pagsubaybay at pagsusuri ng epekto ng konserbasyon.
- Para sa Rwanda: (1) Bumuo ng isang konsepto na titiyak sa patuloy na pakikibahagi ng mga kabataan sa pamamagitan ng pakikilahok at ownership at (2) magtatag ng mga community enterprises upang mapanatili ang mga nursery ng puno kahit wala na ang pondo ng proyekto.